

SUMMATIVE TEST 4

GMRC 4

NAME: _____ DATE: _____
SECTION: _____ TEACHER: _____

I. Piliin ang tamang sagot. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

 **Panuto:** Basahing mabuti ang bawat tanong at piliin ang tamang sagot. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang pangunahing kahulugan ng katapatan?
 - a. Pagsasabi ng totoo at paggawa ng tama
 - b. Pagsunod lamang sa gusto ng iba
 - c. Paggawa ng isang bagay kahit hindi ito totoo
 - d. Pagtatago ng katotohanan
2. Bakit mahalaga ang pagiging matapat sa isang pamayanan?
 - a. Upang maiwasan ang parusa
 - b. Upang makuha ang tiwala ng ibang tao
 - c. Upang laging purihin ng iba
 - d. Upang makuha ang anumang gusto
3. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng **katapatan sa salita at gawa**?
 - a. Pagtanggap ng pera na hindi sa iyo at hindi pagsasauli nito
 - b. Pagsasabi ng totoo kahit mahirap itong gawin
 - c. Paggawa ng pangako pero hindi ito tinutupad
 - d. Pag-iwas sa responsibilidad upang hindi mapagalitan
4. Ano ang dapat gawin kung may natagpuang pitaka na hindi sa iyo?
 - a. Kunin ito at itago
 - b. Ibalik ito sa may-ari o sa awtoridad
 - c. Hatiin ito sa mga kaibigan
 - d. Gastusin ito agad bago pa makita ng iba
5. Paano naipapakita ang katapatan sa pamilya?
 - a. Pagsisinungaling upang hindi mapagalitan
 - b. Pagpapanggap na may sakit upang hindi utusan
 - c. Pagtulong sa gawaing-bahay kahit walang nagsasabi
 - d. Pagtatago ng lihim kahit ito ay makakasama sa iba

II. Punan ang patlang ng tamang sagot upang mabuo ang pangungusap.

 **Panuto:** Punan ang patlang ng tamang sagot mula sa kahon.

Tiwala pagiging tapat	katapatan pananampalataya	pagsasauli, pananampalataya
--	--	--

6. Ang isang taong may _____ ay may kakayahang maging tapat sa salita at gawa.
7. Ang _____ ng isang bagay na hindi iyo ay isang tanda ng pagiging matapat.
8. Kapag ang isang tao ay tapat, siya ay nagkakaroon ng _____ mula sa ibang tao.
9. Ang _____ ay isa sa pinakamahalagang birtud na nagtuturo ng pagiging makatarungan.
10. Ang _____ sa Diyos ay isang paraan upang maisabuhay ang katapatan sa sarili at sa iba.

III. Tukuyin kung ang pangungusap ay Tama o Mali.

 **Panuto:** Isulat ang **T** kung ang pangungusap ay **tama** at **M** kung ito ay **mali**.

11. Ang pagsisinungaling ay isang paraan upang mapanatili ang tiwala ng iba.

SUMMATIVE TEST 4

GMRC 4

12. Ang pagiging matapat ay mahalaga sa pagpapanatili ng mabuting relasyon sa ibang tao.
13. Hindi na kailangang isauli ang isang bagay kung walang nakakita na ito ay napulot mo.
14. Ang isang batang matapat ay hindi kailangang pagsabihan upang gawin ang tama.
15. Ang pagiging tapat ay isang mahalagang tanda ng pananampalataya.

IV. Tukuyin ang tamang kasagutan.

 **Panuto:** Tukuyin ang tamang sagot mula sa pagpipilian sa kahon.

Pananampalataya Integridad	Pagkamasinop Katapatan sa Bayan	Pagtatapat
---	--	-------------------

16. Ano ang tawag sa birtud ng pagiging matuwid at tapat sa lahat ng ginagawa?
17. Ano ang kaugnayan ng katapatan sa paniniwala ng isang tao?
18. Ano ang kilos ng isang taong inaamin ang kanyang pagkakamali?
19. Ano ang kaugnayan ng pagiging matapat sa tamang paggamit ng mga bagay at yaman ng bayan?
20. Ano ang tawag sa pagiging tapat sa tungkulin bilang isang mamamayan?

SAGOT SA PAGSUSULIT

1. **a**
2. **b**
3. **b**
4. **b**
5. **c**
6. **katapatan**
7. **pagsasauli**
8. **tiwala**
9. **pagiging tapat**
10. **pananampalataya**
11. **M**
12. **T**
13. **M**
14. **T**
15. **T**
16. **Integridad**
17. **Pananampalataya**
18. **Pagtatapat**
19. **Pagkamasinop**
20. **Katapatan sa Bayan**

SUMMATIVE TEST 4

GMRC 4

TABLE OF SPECIFICATIONS

Learning Competencies	No. of Days	Percent age	No. of Items	Item Placement Under Each Cognitive Domains					
				Remembering	Understanding	Applying	Analyzing	Evaluating	Creating
1. Naisasabuhay ang pagiging matapat sa pamamagitan ng pagbabalik ng mga bagay na hindi kaniya, pagiging totoo sa salita, at gawa 2. Natutukoy ang mga gawain ng katapatan na umiiral sa pamayanan.	5	50	10	1 2 3 4 5	16 17 18 19 20	11 12 13 14 15	6 7 8 9 10		
3. Naipaliliwanag na ang mga gawain ng katapatan sa pamayanan bilang indikasyon ng pananampalataya ay patunay ng pagsasabuhay ng mga aral ng kinabibilangang relihiyon o paniniwala.	5	50	10						
TOTAL	10	100%	20						